ENGINEERING SERVICES
Lon LaClaire, M.Eng., P.Eng.
City Engineer/General Manager

**IMPORTANT INFORMATION**
Please have this translated

**معلومات مهمة:** البحث على الترجمة

**重要资讯:** 请找人为你翻译

**重要資訊:** 請找人為你翻譯

**اطلاعات مهم:** لطفا درخواست کنید
که این اطلاعات را برای شما ترجمه کنند

**RENSEIGNEMENTS IMPORTANTS**
Prière de les faire traduire

**重要な情報:** これを翻訳してください

**중요정보:** 번역해주세요

**INFORMAÇÃO IMPORTANTE**
Favor solicitar tradução

**ਜ਼ਰੂਰੀ ਜਾਣਕਾਰੀ**
ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਇਸਦਾ ਅਨੁਵਾਦ ਕਰਵਾਓ

**INFORMACIÓN IMPORTANTE**
Busque a alguien que le traduzca

**MAHALAGANG IMPORMASYON**
Mangyaring isalin ito

**TIN TỨC QUAN TRỌNG**
Xin hãy dịch sang tiếng Việt

9 Pebrero 2026

**Paksa: Mga Paparating na Pagbabago sa Linya ng Bus at Hintuan ng Bus sa 49th Avenue**

Mahal na Residente o May-ari ng Negosyo,

Sumusulat kami upang ipaalam sa inyo ang mga planong pagbabago sa linya ng bus at mga hintuan ng bus sa 49th Ave, at upang hingin ang inyong opinyon sa mga potensyal na epekto sa paradahan at pagkarga.

Sa panahon ng spring ng 2026, plano ng Lungsod ng Vancouver at ng TransLink na ayusin ang pagitan ng mga hintuan ng bus sa Route 49 at magdagdag ng mga linya ng bus sa 49th Ave sa pagitan ng Cambie St at Fraser St.

Ang mga pagsasaayos na ito ay:

- tutulong sa mga bus na gumalaw nang maayos sa trapiko at manatili sa oras
- mapabuti ang oras ng paglalakbay at pagkamaaasahan para sa mahigit 37,000 pang-araw-araw na biyahe ng transportasyon, habang pinapanatili ang access sa mga negosyo
- suportahan ang direksyon ng Konseho na unahin ang pampublikong transportasyon sa 49th Ave at walong iba pang corridor, upang makamit ang 10% na pagpapabuti sa oras ng paglalakbay at pagiging maaasahan ng bus.

## Ano ang magbabago

### Ang mga Linya ng Bus sa 49th Ave mula sa Cambie St papuntang Fraser St

Kasunod ng pagkumpleto ng mga pagpapahusay ng mga utility at rehabilitasyon ng pavement sa 49th Ave, ang mga linya sa tabi ng kalsada ay planong markahan bilang mga **linya ng bus**

Lungsod ng Vancouver, Engineering Services
Transportation Division, Transportation Design
507 W Broadway, Vancouver, British Columbia V5Z 0B4 Canada
Tumawag sa 3-1-1
vancouver.ca

**sa magkabilang direksyon sa 49$^{th}$ Ave, sa pagitan ng Cambie St at Fraser St mula 7:00 AM hanggang 10:00 PM, pitong araw sa isang linggo** (tingnan ang mapa sa pahina 4).

Ang paradahan sa tabi ng kalsada ay ipagbabawal mula 7:00 ng umaga hanggang 10:00 ng gabi araw-araw at sa mga daan patungo sa mga interseksyon. Hindi pinapayagang bumiyahe sa linya ng bus ang mga sasakyang maraming sakay na pasahero (HOV). Maaaring pumasok ang mga sasakyan sa linya ng bus upang lumiko pakanan kapag papalapit sa isang interseksyon o driveway.

**Ang mga Pagsasaayos sa Hintuan ng Bus**

Mahigit sa kalahati ng mga hintuan ng bus sa Route 49 ay mas malapit ang pagitan kaysa sa mga alituntunin ng TransLink. Upang mas mapabilis at mas maging maaasahan ang mga biyahe habang pinapanatili ang maginhawang daanan ng pampublikong transportasyon, may mga panukalang pagbabago sa mga lokasyon ng hintuan ng bus sa Route 49 sa kahabaan ng 49$^{th}$ Ave at mga seksyon sa Dunbar St at 41$^{st}$ Ave (tingnan ang mapa sa pahina 4).

Ang mga hintuan sa Route 49 ay iminungkahing baguhin gaya sa mga sumusunod:

- Bawasan ang mga hintuan papuntang east mula 62 patungong 48 na hintuan (15 hintuan ang kinansela, at 1 bagong hintuan)
- Bawasan ang mga hintuan papauntang west mula 61 patungong 50 (13 hintuan ang kinansela at 2 ang bagong hintuan)

Maglalagay ng mga maa-access na landing pad sa mga bagong hintuan ng bus at sa tatlo pang kasalukuyang hintuan.

**Magbigay ng iyong opinyon – sabihin sa amin ang tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pagkarga at paradahan**

Nauunawaan namin na ang mga pagbabago sa espasyo sa gilid ng kalsada ay maaaring makaapekto sa mga pag-pick-up, paghahatid, at paradahan. Para makatulong na mabawasan ang mga epektong ito, sinusuri namin ang mga karagdagang loading zone at mga paradahan na may limitadong oras sa mga kalapit na kalye. Ang inyong input ay makatutulong sa amin na mas maunawaan ang mga pangangailangan sa pagkarga at isaalang-alang ang mga pagbabago sa mga loading zone, paradahan sa gilid ng kalye, o mga operasyon sa likurang linya.

**Kumpletuhin ang aming online survey upang ibahagi ang iyong mga pangangailangan sa pagkarga at paradahan o anumang karagdagang tugon, na makukuha mula Pebrero 9 hanggang Marso 1:** https://survey.vancouver.ca/s3/49th-Ave-Bus-Priority-Feedback-Survey

Ibahagi ang iyong tugon tungkol sa mga pagbabago sa hintuan ng bus sa online survey ng TransLink, na makukuha mula sa **Pebrero 9 – Marso 1** sa translink.ca/route49.

**Higit pang impormasyon**

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa mga linya ng bus sa 49th Ave:

- Pumunta sa vancouver.ca/49ave-transit
- Mag-email sa 49avebuspriority@vancouver.ca
- Gamitin ang Van311 app ng Lungsod 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo
- Tumawag sa 3-1-1
- Punan ang online survey sa vancouver.ca/49ave-transit hanggang sa pagsapit ng Marso 1, 2026 o i-scan ang QR code sa ibaba:

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagsasaayos ng hintuan ng bus at mga pagbabago sa mga hintuan sa Route 49, mangyaring makipag-ugnayan sa TransLink:

- Pumunta sa translink.ca/route49 para sa mga detalye ng proyekto at punan ang isang online survey hanggang sa pagsapit ng Marso 1, 2026.
- Pumunta sa translink.ca/schedules para sa mga update sa mga hintuan at iskedyul ng bus.
- Tumawag sa customer service sa 604-953-3333, 6:30 am-10:00 pm, 7 araw bawat linggo.

Sumasainyo,

**Bus Priority Team ng Lungsod ng Vancouver**

*507 W Broadway, Vancouver, British Columbia V5Z 0B4 Canada*

## Mga Paparating na Pagbabago sa Linya ng Bus sa 49th Ave (Cambie St - Fraser St)

**7AM - 10PM, 7 days/week bus lanes**

- Adding **new bus lanes** on 49th Ave between Cambie St and Fraser St.
- Existing bus lanes on the north side of 49th Ave approaching Main St **extended** from weekday AM/PM peak periods to **7AM - 10PM, 7 days a week**.
- **Parking restricted** during bus lane hours.
- Other high occupancy vehicles (HOVs) are **not permitted** to use the bus lane.







## Mga Ipinapanukalang Pagbabago sa Hintuan ng Bus (Crown St - Boundary Rd)

